In/Time

# Si Jesus, Ang Buhay

WEEK 2

## WARM-UP

- Ano ang masasabi mong kumukumpleto ng iyong Pasko?
- Kung may isang bagay na maaari kang magkaroon ngayon mismo, ano ang hihilingin mo? Bakit?
- Paano mo ipakikilala sa amin ang isa sa mga pinakamalapit mong kaibigan?

## WORD

*Ang Salita ang pinagmumulan ng buhay, at ang buhay na ito'y ilaw, dahil ito ang nagbibigay-liwanag sa mga tao.* **JUAN 1:4**

Ang Pasko ay hindi tungkol sa mga tradisyon, pagbibigay ng mga regalo, at mga salu-salo. Ipinagdiriwang natin ang Pasko dahil si Jesus ay nagkatawang-tao upang tubusin ang sangkatauhan. Si Jesus ang Anak ng Diyos at ang pinagmumulan ng buhay (Juan 1:3), ngunit pinili Niyang makitulad sa isang mababang anyo upang iligtas tayo at upang maranasan natin ang tunay na buhay sa Kanya. Ano ang itsura ng buhay na nakay Cristo?

## 1 Sa pamamagitan ni Jesus, nakatanggap tayo ng sunod-sunod na biyaya.

*Sa kasaganaan ng kanyang biyaya ay tumanggap tayong lahat ng sunud-sunod na pagpapala.* **JUAN 1:16**

Ang "biyaya" sa kontekstong ito ay tumutukoy sa nag-uumapaw na pagpapala ng Diyos sa Kanyang mga mamamayan. Maliban sa pisikal na buhay na ibinigay sa atin ng Diyos, nais Niya na magkaroon tayo ng ganap na buhay. Ang pagkakaroon ng ganap na buhay ay hindi nangangahulugan ng pagkakaroon ng yaman sa mundo, pagkamit ng lahat ng nais natin, o hindi pagkakaroon ng mga suliranin. Si Jesus mismo ang nagsabi na makararanas tayo ng maraming pagsubok at paghihirap (Juan 16:33), subalit pumarito Siya upang magkaroon tayo ng *buhay*

*na ganap* (Juan 10:10). Nangangahulugan ito na sa kabila ng anumang haharapin natin sa buhay, tayo ay buo kay Cristo. Paano mo naranasan ang ganap na buhay kay Cristo?

## 2 Sa pamamagitan ni Jesus, nakatatanggap tayo ng biyaya at katotohanan.

*Ibinigay sa atin ng Diyos ang Kautusan sa pamamagitan ni Moises, ngunit ang biyaya at katotohanan ay napasaatin sa pamamagitan ni Jesu-Cristo.* **JUAN 1:17**

Sa Lumang Tipan, ibinigay ng Diyos sa Kanyang mga mamamayan, ang mga Israelita, ang kautusan sa pamamagitan ni Moises. Nakatulong sa kanila ang kautusan upang malaman kung paano sila dapat mamuhay at kung paano sila dapat makipag-ugnayan sa Kanya at sa isa't isa, nang hindi nagkakasala (Exodus 20:20). Naging mabigat para sa mga tao ang kautusan dahil nakatutuok na lamang sila sa pagsunod sa mga alituntunin ng kautusan, at hindi nila naunawaan kung ano ba talaga ang tunay na kahulugan ng kautusan. Subalit ang *biyaya at katotohanan ay napasaatin sa pamamagitan ni Jesu-Cristo*. Nangangahulugan ito na ang biyaya ay narito para sa mga hindi magawang tuparin ang sinasabi sa kautusan. Ang katotohanan tungkol sa kahulugan ng kautusan at kung sino ang Diyos ay dumating sa pamamagitan ni Jesus. Paano nagbago ang pananaw mo tungkol sa kautusan nang makilala mo ang biyaya ni Jesus?

## 3 Sa pamamagitan ni Jesus, maaari nating makilala ang Diyos.

*Wala pang nakakita sa Diyos Ama kahit kailan, ngunit ipinakilala siya sa atin ng kanyang Bugtong na Anak, na Diyos din nga at kapiling ng Ama.* **JUAN 1:18**

Ang pinakamagandang regalong natanggap natin sa pamamagitan ng pagdating ni Jesu-Cristo ay ang pagkakataong magkaroon ng ugnayan sa Diyos. Dahil sa kasalanan, nahiwalay tayo sa Diyos, subalit naipanumbalik tayo sa ugnayan sa Kanya sa pamamagitan ng buhay at sakripisyo ni Jesus. Ang kaligtasan na natanggap natin ang pinanggagalingan ng ating bagong buhay sa Diyos. Habang nakikilala natin ang Diyos at lumalago tayo sa ating ugnayan sa Kanya, ang pagtitiwala at pagmamahal natin sa Kanya ay lumalago rin. Mayroon din tayong pagkakataon na matulungan ang iba na makilala ang Diyos. Kapag tayo ay lumalago sa pagkakakilala natin sa Diyos, magagawa nating ibahagi kung sino Siya at kung ano ang ginawa Niya para sa atin upang ang iba ay maniwala rin sa Kanya at matagpuan ang buhay sa Kanyang pangalan. Paano nakatulong ang lumalalim na pagkakilala mo sa Diyos upang maakay ang iba patungo sa Kanya?

## APPLICATION

- Basahin at pag-isipan ang Juan 10:10. Si Jesus ay pumarito sa mundo upang tayo ay magkaroon ng masaganang buhay. Paano mababago ng katotohanang ito ang paraan kung paano mo nakikita ang iyong buhay at ang mga pagsubok na iyong nararanasan?
- Habang lumalalim ang ating ugnayan sa Diyos, lumalalim din ang ating pagtitiwala at pagmamahal sa Kanya. Ano ang ilang bagay na maaari mong gawin ngayong linggo upang mas lumalim ang pagkakakilala mo sa Diyos?
- Sino sa mga kapamilya at kaibigan mo ang maaari mong tulungang lumago sa kanyang kaalaman tungkol sa Diyos? Mangakong ibabahagi mo sa kanya ang iyong patotoo tungkol sa katapatan ng Diyos sa iyong buhay.

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa pagpapadala kay Jesu-Cristo sa mundo upang tayo ay magkaroon ng masaganang buhay. Ipanalangin na maalala mo ang pagiging ganap ni Cristo maging sa panahon na kakulangan.
- Hingin sa Diyos na tulungan kang maalala na ang biyaya at katotohanan ay dumating sa pamamagitan ni Jesu-Cristo at hindi mo kinakailangang paghirapan ang iyong kaligtasan. Hingin sa Kanya na tulungan kang mahalin Siya at ang iba sa pamamagitan ng kautusan.
- Ipanalangin ang iyong mga kapamilya at kaibigan na hindi pa tinatanggap si Jesus bilang kanilang Panginoon at Tagapagligtas. Ipanalangin na ang panahon ng Kapaskuhan ay maging pagkakataon upang makilala nila Siya.

## NOTES

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2020 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph